# Ang Buhay Christiano



Ang aklat na ito ay kabilang sa:

______________________________

# Ang Buhay Christiano

## Aklat ng Mag-aaral

Mga Aralin para sa Bagong Mananampalataya
(Mga Araling Pambata)

Mary Lou Canata, Editor

Printed by
Foursquare Missions Press

Copyright © 2005

# TABLE OF CONTENTS

Aralin 1

Ako'y Cristiano na — Paano Na Ngayon? 6

*(Growing In God's Family)*

Aralin 2

Pamumuhay Para Kay Jesus 11

*(The Daily Christian Life)*

Aralin 3

Pagbabasa ng Iyong Biblia 15

*(Bible Reading And Studying)*

Aralin 4

Pakikipag-usap sa Diyos 19

*(Prayer Life)*

Aralin 5

Pagpunta sa Simbahan 23

*(Church Life)*

Aralin 6

Pagsasabi sa Iba Tungkol Kay Jesus 28

*(Witnessing To Others/Evangelism)*

**Maligayang Araw ng Pagsilang sa Pamilya ng Diyos!**



Nakakatuwang malaman na kabilang ka na sa malaking pamilya ng Diyos, 'di ba? Miyembro ka na ng Kanyang pamilya at pangwalang hanggan na iyon kung tinanggap mo na si Jesus bilang Tagapagligtas; at mula ngayon gugugol ka ng panahon para lalo pang makilala Siya at susunod ka sa Kanyang Salita.

Ang pamilya ng Diyos ay binubuo ng mga batang lalaki at babae, mga binata't dalaga at matatanda. Magkakapatid tayong lahat. Ang Diyos sa langit ang ating Ama.

Nang hiniling mo na patawarin ka ng Diyos sa mga masasamang nagawa mo, pinatawad at kinalimutan na Niya ang mga lumipas na kasalanan mo. May kapatawaran noon, ngayon at bukas dahil namatay si Jesus sa Krus para sa iyo.

Dahil miyembro ka ng pamilya ng Diyos at ikaw ay Cristiano na, inaasahan ng Diyos na mamuhay ka na nakalulugod sa Kanya. Sa tulong Niya ang buhay mo'y magbibigay-lugod sa Kanya saan ka man naroon—sa tahanan, sa paaralan, sa simbahan, sa palaruan—kahit saan.

Makakatulong ang aklat na ito para malaman mo kung ano mismo ang nais ng Diyos para sa iyo. Ngayong miyembro ka na ng Kanyang pamilya, pag-aaralan mo rin kung paano bibigyan-lugod at paglilingkuran si Jesu-Cristo na iyong Tagapagligtas at Kaibigan. Ikaw ay lalago at magiging matatag na Cristiano.

**Isaulo ang talata sa Biblia:**
"Patuloy na lumaki si Jesus. Umunlad ang kanyang karunungan at lalong kinalugdan ng Diyos at ng mga tao."
Lucas 2:52

(Iguhit ang iyong sarili sa kahon.)

Ako, si ______________________________, ay

tumanggap kay Jesu-Cristo

na aking Tagapagligtas at Panginoon ngayong

______________________ sa

(Petsa)

___________________________.

(Lugar)

Si ______________________________

(Pangalan ng Nanalangin)

ang nanalangin para sa akin.




Bago ka magsimula …


Kumuha ng Biblia.



Kumuha ng dictionary.

Find a muha ng lapis at pambura.







*Paano gagamitin ang aklat na ito…*

1. Gamitin ang aklat na ito kasabay ng pagbasa sa Biblia. Ang mga talata ng Biblia na ginamit sa aklat na ito ay hango sa "Magandang Balita Biblia."
2. Manalangin. Hilingin na tulungan ka ng Diyos na magawa mo ang buong makakaya mo.
3. Huwag magmadali. Pag-aralan muna ang aralin. Pagkatapos, gawin ang worksheets.
4. Basahin ang bawat tanong at isulat ang iyong sagot.
5. Pag-aralan ang mga talata sa Biblia na nakatala sa bawat aralin.
6. Kapag nakumpleto mo na ang lahat ng aralin, ibigay ang aklat sa iyong guro. Ibabalik din niya ito sa iyo.
7. Itabi ang iyong aklat. Balik-balikan ito para basahin uli at balik-aralan ang mga aralin.
8. Ibahagi sa kaibigan ang aklat na nakumpleto mo na.
9. Patuloy na basahin ang Biblia, manalangin at mamuhay para kay Jesus.

Ang salin ng Biblia na ginamit sa mga aralin ay ang Magandang Balita Biblia





**Aralin 1**
**AKO'Y CRISTIANO NA — PAANO NA NGAYON?**

May mga taong hindi makatiyak kung sila'y Cristiano nga; ngunit ikaw ay maaaring makatiyak. Nang hiniling mo sa Diyos na patawarin ka Niya sa mga masasamang nagawa mo at sinabi mo kay Jesus na gusto mo Siyang maging Tagapagligtas mo, naging Cristiano ka na. Pareho iyon ng pagsilang sa pamilya ng Diyos? Miyembro ka na ng Kanyang pamilya. Iyon mismo ang ipinangako ng Diyos at tinupad Niya iyon. Kailanman hindi nagsinungaling ang Diyos! Basahin mo ang Kanyang pangako (Juan 1:12).

Ngayong kabilang ka na sa pamilya ng Diyos, gusto mong lumago at maging matatag na Cristiano. Mangyayari ito kung pag-aaralan mo ang Salita ng Diyos at gagawin mo ang ipinagagawa Niya sa iyo.

Hindi natutuwa ang Diyos sa ibang ginagawa natin. Ngunit mahal pa rin Niya tayo at tutulungan Niya tayong gawin ang tama at mabuti at ang nakakalugod sa Kanya.

"Kasalanan" ang isa pang tawag sa pagsuway. Kapag nagkasala tayo, miyembro pa rin tayo ng pamilya ng Diyos at Siya'y laging handa na patawarin tayo kapag humingi tayo ng tawad sa Kanya.

Sinasabi sa atin ng Diyos sa Biblia kung ano ang dapat nating gawin upang matuwa Siya sa atin. Masaya rin tayo kapag sinusunod natin ang Diyos na ating Ama.

Hanapin sa Biblia ang sumusunod na mga talata. Basahin iyon at pag-aralan ang gusto ng Diyos na ipagawa sa iyo dahil anak ka Niya.

1. Ipadama ang pag-ibig sa lahat, kahit na sa iyong kaaway. (Mateo 5:44)
2. Ipadama ang kabutihan sa lahat. (Efeso 4:32)
3. Matutong patawarin ang kapwa. (Lucas 6:38)
4. Tumulong sa kapwa. (Isaias 41:6)
5. Huwag magnakaw. (Exodo 20:15)
6. Huwag mandaya. (Hebreo 13:18)
7. Huwag magsinungaling. (Kawikaan 12:17)
8. Sundin mo ang iyong mga magulang. (Efeso 6:1)
9. Mag-ingat sa iyong sinasabi at ginagawa. (Lucas 6:31)

Pagdating mo sa langit, hindi ka na maghihirap gumawa ng mabuti. Sa langit wala nang tukso; wala na ring kasalanan. Ang lahat ay ganap na. Mabubuhay kang kasama ng Diyos at ng Kanyang pamilya magpakailanman.

## ANO ANG NATUTUHAN MO SA IYONG PAGBABASA?

**1. Paano ka makakatiyak na Cristiano ka na?**

________________________________________

________________________________________

________________________________________

2. Kopyahin ang 1 Juan 1:9 mula sa Biblia.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

3. Markahan ng ekis ang maling salita sa bawat pangungusap:

*Suwayin / Sundin ang iyong mga magulang.*

*Huwag magbahagi / Magbahagi sa iba.*

*Gawan ng mabuti ang ilan lamang / ang lahat.*

*Mahalin / Kapootan ang iyong kaaway.*

4. Bilugan ang tamang sagot.

*Ibinigay ng Diyos sa atin ang Biblia para sundin natin.*

Oo Hindi

*Inuutusan ba tayo ng Diyos na sundin ang Biblia?*

Oo Hindi

*Lagi bang natutuwa ang Diyos sa ginagawa natin?*

Oo Hindi

*Pinapatawad ba tayo ng Diyos sa masasamang nagawa natin?*

Oo Hindi

*Gusto ba ng Diyos na tulungan tayong sundin Siya?*

Oo Hindi

5. Isulat sa puwang ang iyong pangalan.

Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos [kay] ____________________ kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang [kung] sumampalataya [si] ________________ sa kanya [si] ____________________ ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Juan 3:16

6. **Ang iba pang salita para sa kasalanan ay:** (Guhitan ang mga tamang sagot.)

PAGSUNOD PAGSUWAY

PAGKAKAMALI MASAMA

7. **Maaari bang mamuhay bilang Cristiano kahit saan ka naroon?**

Oo Hindi Siguro Paminsan-minsan

8. **Sino si JESUS?** Hanapin ang sagot sa 1 Juan 5:5.

______________________________________________

9. **Bakit namatay sa Krus si Jesu-Cristo?**
Basahin ang 1 Corinto 15:3.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

10. **Kapag nasuway mo ang Diyos, ano ang dapat mong gawin?** Basahin ang 1 Juan 1:9.

I__________________ natin ang ating mga kasalanan.

I__________________ sa atin ng Diyos ang ating mga kasalanan.

11. **Pinatutunayan sa Biblia na magkakaroon tayo ng walang hanggang buhay sa langit.** Basahin ang 1 Juan 5:13 at punan ang mga puwang.

"Isinusulat ko ito sa ________________ upang malaman ________________ sa ________________ nananalig sa ________________ ng Diyos ay may buhay na walang hanggan.

12. Guhitan ang salitang ‘Cristo” sa salitang Cristiano.


**Isaulo ang mga talatang ito ng Biblia.**

> “Ngunit ang lahat ng tumanggap at nanalig sa kanya ay pinagkalooban niya ng karapatang maging anak ng Diyos.” Juan 1:12

> “Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan,
> kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak,
> upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak,
> kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.” Juan 3:16

> “Sapagkat ibinigay ko sa inyo itong pinakamahalagang aral na tinanggap ko rin: si Cristo'y namatay dahil sa ating mga kasalanan, bilang katuparan ng nasasaad sa Kasulatan.” 1 Corinto 15:3

Tinanggap mo na si Jesus bilang sariling Tagapagligtas at nananampalataya ka na si Jesus ay Anak ng Diyos. Kaya isa ka na sa mga anak Niya.




**Aralin 2**

## PAMUMUHAY PARA KAY JESUS

May isa lamang paraan para mabuhay at maging masaya; iyon ay ang pamumuhay para kay Jesus.

Sa Biblia may mababasa tayo na mga panuntunang dapat nating sundin upang matupad sa atin ang lahat ng plano ng Diyos para sa atin.




Kailanman hindi tayo inuutusan ng Diyos na gumawa ng isang bagay na hindi Niya tayo pinangakuan ng tulong Niya. Kapag nagkamali ka, o nakasuway sa isa mang utos Niya, mahalaga na sabihin mo sa Kanya na ikinalulungkot mo iyon. Ang Diyos ay laging naghihintay sa iyo para patawarin ka.

Kung minsan hindi natutuwa ang Diyos sa ginagawa mo, ngunit mahal ka pa rin ng Diyos kahit nakagawa ka ng masama. Gayunman, sa Kanya ka pa rin.

Pinagmamasdan ka ng ibang tao. Alam mo ba iyon?



Kapag hindi ka nakakatiyak kung tama o mali ang isang bagay, itanong mo sa sarili ang mga tanong na ito:

*Natutuwa ba ang Diyos sa ginagawa at sinasabi ko?*

*Nag-iisip at nagsasalita ba ako na katulad ni Jesus?*

*Ginagawa ko ba sa kapwa ang gusto kong gawin nila sa akin?*

*Nagpapakita ba ako ng kabutihan at pagmamahal sa kapwa?*

*Handa ba akong tumulong?*

May mga pagkakataong tutuksuhin ka ni Satanas na gumawa ng masama. Kapag nangyari ito sa iyo, kausapin mo ang Diyos at hilingin mo na tulungan ka Niya. Tandaan, hindi mo kasalanan kapag tinukso ka, ngunit kasalanan mo kapag nagpadaig ka sa tukso at ginawa mo ang masama.

Ang diyablo ay kaaway mo. Siya'y tuso. Gusto niyang linlangin ka para makagawa ka ng masama. Mas makapangyarihan ang Diyos kaysa kay Satanas. Tutulungan ka ng Diyos sa panahon ng kagipitan. Basahin ang 1 Juan 4:4.



## ANO ANG NATUTUHAN MO SA IYONG PAGBABASA?

1. **Maglista ng 5 sa mga panuntunan na dapat nating ipamuhay.**

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. **Ano ang gagawin ng Diyos para sa atin kapag sinabi natin sa Kanya na nalulungkot tayo sa nagawa nating kasalanan?** Basahin ang 1 Juan 1:9.

   ______________________________________________

3. **Bilugan ang "OO" o "HINDI" sa tapat ng bawat pangungusap.**

   Pinagmamasdan ng ibang tao ang ginagawa natin.

   Oo Hindi

   Pinakikinggan ng ibang tao ang sinasabi natin.

   Oo Hindi

   Gusto ng Diyos na maging mabait ako sa kapwa.

   Oo Hindi

4. **Markahan ng tsek (✓) ang bawat tamang pangungusap.**

   ______ Dapat kong kausapin ang Diyos araw-araw sa pamamagitan ng panalangin.

   ______ Dapat akong gumawa ng mabuti minsan isang linggo lamang.

   ______ Dapat kong sundin ang Salita ng Diyos kapag ginaganahan ako.

5. Sino ang tumutukso sa atin na gumawa ng masama?

ANG DIYOS SI SATANAS SI JESUS

6. TAMA o MALI. Bilugan ang tamang sagot.

Ang Diyos ang tutulong sa akin sa oras ng kagipitan.

TAMA MALI

Talagang tinutukso ako ng diyablo na gumawa ng masama.

TAMA MALI

Kasalanan ko kapag tinukso ako.

TAMA MALI

7. Sino ang MAS MALAKAS at MAS MAKAPANGYARIHAN kaysa kay Satanas?

_ _ _ _ _ _ _ _

8. Tutuksuhin ba tayo ng Diyos? Basahin ang Santiago 1:13

_____ Oo _____ Hindi

9. Basahin at isaulo ang talatang ito ng Biblia.
"Kung kayo'y mag-ibigan, makikilala ng lahat na kayo'y mga alagad ko." Juan 13:35

10. Kopyahin ang Mateo 28:20. Ito'y pangako ng Diyos para sa ating lahat.

"Tandaan ninyo: ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Mateo 28:20b

______________________________

______________________________

______________________________






**Aralin 3**
**PAGBABASA NG IYONG BIBLIA**



Kung paanong kailangan mong kumain ng tamang pagkain araw-araw para lumakas ang iyong katawan, kailangan mo ring magbasa ng Biblia araw-araw para lumago sa espirituwal na buhay.

Ang Biblia ay mensahe ng Diyos sa tao sa mundo. Ito'y para sa lahat ng gulang. Ito'y isang aklat na may 66 na aklat—39 na aklat sa Matandang Tipan at 27 aklat sa Bagong Tipan.

Ang pagbasa ng Biblia araw-araw ay makakatulong sa iyo…

- na matutunan ang tungkol kay Jesus na Anak ng Diyos.
- na malaman kung ano ang nais ng Diyos na gawin mo.
- kapag nag-iisa at malungkot ka.
- kung kailangan mo ang tulong ng Diyos kapag gagawa ka ng anumang pasya.
- na lumago bilang Cristiano.

Basahin ang iyong Biblia ARAW-ARAW. Maaari ka ring matuto sa pagbabasa mo sa mga aklat at mga pauwing papel sa Paaralang Panglinggo at ibang aklat ng kuwento sa Biblia. Basahin mo ang iyong Biblia KAHIT SAAN ka naroon—sa

iyong silid, sa bahay o sa labas ng bahay, sa bakasyunan, sa simbahan, sa Paaralang Panlinggo.

Basahin mong MAINGAT ang iyong Biblia. Kung hindi mo maunawaan ang binabasa mo, hilingin sa Diyos na tulungan ka Niya. Kausapin ang iyong mga magulang, ang pastor o guro sa Sunday school tungkol sa mga bagay na hindi mo maunawaan.

Basahin mo nang TAHIMIK o MALAKAS ang iyong Biblia. Pag-isipan kung ano ang sinasabi sa iyo ng Diyos sa pamamagitan ng mga talata sa Biblia.

Basahin mo ang iyong Biblia nang MAG-ISA o MAY KASAMA.

## SAAN KA DAPAT MAGSIMULA NG IYONG PAGBABASA?

Maaari kang mamili. Maaari kang magsimula sa pinakaunang aklat, sa Genesis, o kaya'y magsimula ka sa Bagong Tipan. Ang aklat ni Juan sa Bagong Tipan ay magandang pasimula.




## ANO ANG NATUTUHAN MO SA IYONG PAGBASA?

**1. Ayusin ang mga ginulong salita?**

Bahinas          nga          Balib

________     ________     ________

2. Maglista ng 2 bagay na magagawa sa iyo ng pagbabasa mo sa Biblia.

______________________________________________

______________________________________________

3. Markahan ng tsek (✓) ang mga tamang pangungusap.

_______ Dapat kong basahin araw-araw ang aking Biblia.

_______ Sa simbahan ko lamang maaari basahin ang aking Biblia.

_______ Ang Biblia'y Salita ng Diyos.

4. Sino ang makakatulong sa akin na maunawaan ang binabasa ko sa Biblia?

______________________________________________

5. Basahin ang Awit 119:105. Ano ang salita ng Diyos para sa iyo?

Salita mo'y isang _ _ _ _ _ _ _una sa akin ay patnubay, _ _ _ _ _ _ _ na tumatanglaw sa landas kong daraanan.

6. Isulat at sauluhin ang mga talatang ito:

"Mawawala ang langit at ang lupa, ngunit ang mga salita ko'y hindi magkakabula." Mateo 24:35

______________________________________________

______________________________________________

"Ang banal mong kautusa'y sa puso ko iingatan, Upang hindi magkasala laban sa 'yo kailanman." Awit 119:11

______________________________________________

______________________________________________


"Salita mo'y isang tanglaw na sa akin ay patnubay,
Liwanag na tumatanglaw sa landas kong daraanan." Awit 119:105

______________________________________

______________________________________

7. Sa aming bahay makakakita ka ng _____ Biblia.

8. Sulatan mo ang Diyos. Sabihin mo sa Kanya ang natutuhan mo tungkol sa Biblia at kung ano ang kahulugan nuon sa iyo.




9. Ang paborito kong talata sa Biblia ay:

________________ ____ : ____



## Aralin 4
## PAKIKIPAG-USAP SA DIYOS

"Panalangin" ang tawag sa pakikipag-usap sa Diyos na Ama sa langit. Dapat gusto mong kausapin lagi ang Diyos dahil iniuutos iyon ng Biblia sa I Tesalonica 5:17, "Maging matiyaga sa pananalangin." Maaari tayong manalangin kahit saan at kahit kailan.

Ang Diyos ay laging handang duminig sa ating panalangin, malakas man iyon o mahinang bulong. Kailanman hindi natutulog ang Diyos kaya maaari mo Siyang kausapin anumang oras, sa araw man o sa gabi. Kailanman HINDI Siya abala. Laging may panahon Siya para sa iyo..

*Narito ang mga mungkahing angkop sa oras ng pananalangin:*

Bago magsimula ng bagong araw—hilingin mo sa Kanya na tulungan ka Niya.

Bago kumain—pasalamatan Siya sa mga pagkaing bigay Niya.

Kung natatakot ka—hilingin mo sa Kanya na bigyan ka Niya ng katapangan.

Kung nag-iisa at nalulungkot ka—hilingin mo sa Kanya na tulungan kang lumigaya.

Kung may kailangan ka—hilingin mo sa Kanya ang kailangan mo at manalig kang ibibigay Niya iyon sa iyo.

Kung nakagawa ka ng kasalanan—hilingin mo ang Kanyang kapatawaran.

Kung may sakit ka—hilingin mo sa Kanya ang kagalingan.
Kung kailangan mo ng tulong—hilingin mo tulong Niya.
Bago matulog—hilingin mo sa Kanya na ingatan ka.

*Narito ang ilang dapat tandaan kapag nanalangin ka:*

- Pasalamatan ang Diyos sa anumang espesyal na ginawa Niya para sa iyo.
- Alalahanin ang iyong pamilya, mga kaibigan, iglesya, pastor, at mga misyonero.
- Sabihin mo sa Diyos ang anumang problema at kailangan mo.
- Sa pagtatapos mo ng iyong panalangin, sabihin mo, "Sa ngalan ni Jesus, Amen."

Tinuruan ni Jesus ang Kanyang mga alagad kung paano manalangin. Sa Mateo kabanata 6, mga talatang 9-13, nagbigay Siya ng isang halimbawang panalangin na maaari nating tularan.



*Ama naming nasa langit, Sambahin nawa ang pangalan mo. Ikaw nawa ang maghari sa amin, Sundin nawa ang iyong kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit Bigyan mo kami ng pagkaing kailangan namin sa araw na ito; At patawarin mo kami sa aming mga kasalanan,*
*Tulad ng aming pagpapatawad sa mga nagkakasala sa amin.*

*At huwag mo kaming iharap sa mahigpit na pagsubok, Kundi ilayo mo kami sa Masama! Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan, magpakailanman! Amen*

Kung minsan mananalangin ka na kasama ng ibang Cristiano. Ngunit mahalaga na mayroon kang pansarilinang panahon ng pakikipag-usap sa Diyos. Kausapin mo Siya na para kang nakikipag-usap sa kaibigang katabi mo lamang. Gayon ang panalangin.

Maaari kang manalangin sa iyong silid, sa kotse, at paaralan, sa simbahan, kahit saan. Maaari kang lumuhod, o kaya'y pumikit lamang. Sa simbahan maaari kang manalangin habang nakatayo o kaya'y kasama ng iba na magkakahawak-kamay.

Tandaan, laging sumasagot sa panalangin ang Diyos. Kung minsan, ang sagot Niya'y "Oo;" kung minsa'y "Hindi;" at kung minsan "Maghintay ka." Tutuparin Niya lagi ang Kanyang mga pangako. Makakatiyak ka nito. Sa Roma 4:21 mababasa natin: "Lubos siyang nanalig na matutupad ng Diyos ang kanyang pangako."

Inutusan tayo sa Biblia na manalangin para sa isa't isa at idalangin ang mga gumagawa ng masama sa atin."



Santiago 5:16 " . . . Ipanalangin ang isa't isa, upang kayo'y gumaling. Malaki ang nagagawa ng panalangin ng taong matuwid."

Mateo 5:44 ". . . Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo."

ANO ANG NATUTUHAN MO SA IYONG PAGBABASA?

1. **Ano ang "pakikipag-usap" sa Diyos? Markahan ng tsek (✓) ang tamang sagot.**

   _____ Singing

   _____ Praying

   _____ Reading

2. Ano ang sinasabi ng I Pedro 3:12 tungkol sa ating mga panalangin?

   Ang mata ng Panginoo'y ________________

   Panalangin nila'y ________________

3. Kailan ka maaaring makipag-usap sa Diyos?

   ____________________________________________

4. Saan ka maaaring makipag-usap sa Diyos?

   ____________________________________________

5. Markahan ng "T" ang mga tamang pangungusap.

   _____ Maaari akong makipag-usap sa Diyos kahit kailan at kahit saan.

   _____ Kung minsan busy ang Diyos kaya hindi Niya matugon ang aking panalangin.

   _____ Hindi ako dapat manalangin na kasama ang iba.

   _____ Ang paghingi ng tawad ay pag-amin sa Diyos na mali at masama ang ginawa ko.

   _____ Dapat kong ipanalangin ang iba.

   _____ Magandang ugali ang pananalangin araw-araw.

6. Basahing malakas at isaulo ang panalanging "Ama Namin" na matatagpuan sa Mateo 6:9-13.

7. Bilugan ang tamang sagot.

   Dapat lagi akong nakaluhod kapag nananalangin.

   Oo Hindi

   Ang panalangin ay pakikipag-usap sa Diyos.

   Oo Hindi

   Maaari kong kausapin ang Diyos kahit saan at kahit kailan.

   Oo Hindi



## Aralin 5
## PAGPUNTA SA SIMBAHAN

Ang simbahan ay isa sa maraming lugar na maaaring puntahan upang matuto tungkol kay Jesus at sa Diyos.

Kung minsan, ang simbahan ay tinatawag na "Tahanan ng Diyos." Ito'y isang lugar kung saan nagtitipon ang mga tao na may iba't ibang edad upang:

1. Sambahin at parangalan ang Diyos.
2. Mag-aral pa tungkol sa Diyos at sa Kanyang Anak na si Jesus.
3. Makipagkilala at makipagkaibigan sa ibang Cristiano.
4. Sumama sa pamilya ng Diyos.
5. Umawit, manalangin at mag-aral.
6. Ibahagi sa iba ang magagandang ginawa sa atin ng Dios.
7. Sumali at matuwa sa pagtitipong Cristiano.
8. Sumali sa isang klase sa Paaralang Panlinggo.
9. Matuto mula sa Biblia.

Ang pagdalo sa Sunday school at sa iba't ibang gawain sa iglesya ay magbibigay sa iyo ng maraming pagkakataong matuto pa mula sa Biblia na Salita ng Diyos. May mga guro at manggagawa na magtuturo sa iyo sa Vacation Bible School, Bible Club at iba pang gawain. Ang pag-aaral tungkol sa Diyos ay makakatulong sa iyo na maging malago at malakas na Cristiano. Ito ang isang dahilan kung bakit mahalagang dumalo ka lagi sa mga pagtitipon sa iglesya.

Linggo ang karaniwang araw na ang mga Cristiano'y dumadalo sa iglesya. Ngunit may iba pang araw sa loob ng isang linggo na maaari tayong dumalo sa pagtitipon. Sa inyong iglesya, tiyak na may mga gawaing ginaganap sa ibang araw, kahit hindi Linggo.

Sinasabi sa atin ng Diyos na huwag nating kalimutang pumunta sa simbahan. Sa Hebreo 10:25, "Huwag kaligtaan ang pagdalo sa ating mga pagtitipon."

*Bakit tayo pumupunta sa simbahan?* Ito'y itinatanong kung minsan. Narito ang ilang dahilan na dapat tandaan.

Pumupunta tayo sa simbahan dahil:


1. Iniuutos ng Biblia na magsama-sama tayo at sumamba sa Diyos.
2. Lumalago tayo sa pagkakilala sa Diyos sa pamamagitan ng pakikinig sa itinuturo at ipinangangaral sa atin.
3. Makakakilala at magkakaroon tayo ng mga kaibigang Cristiano.
4. Kailangan natin ang panahon ng pagtitipong Cristiano.
5. Kailangan natin ng panahon na nakatuon sa pag-isip sa Diyos.
6. Gusto nating ibahagi ang ating pag-ibig sa Diyos.

Marami kang magagawa ka sa iglesya. Maaari kang sumama sa iba para sambahin ang Diyos sa isang lugar.

Narito ang 8 bagay na maaaring mangyari sa inyong iglesya.



**Awitan**




**Pag-aaral**



**Pananalangin**



**Pangangaral**




**Paghahandog**



**Pagbabahagi**



**Pagsamba**



**Pagpapatotoo**

Pagpunta mo sa simbahan dalhin mo ang iyong Biblia at handog na pera.

Dahil kasali ka sa iglesya, mahalagang igalang mo ang simbahan at tumulong ka na mapanatiling malinis iyon.

Gusto mo ring kuwentuhan ang iba tungkol sa inyong iglesya at anyayahan silang samahan ka duon.

Ang pag-aaral tungkol kay Jesus at sa Diyos na ating Ama sa langit ay masaya at nakatutuwa. Ugaliin ang pagsisimba. Makakatulong iyon na mamuhay ayon sa plano ni Jesus para sa iyo.

## ANO ANG NATUTUHAN MO SA IYONG PAGBABASA?

1. **Ano ang simbahan?** Markahan ng tsek (✓) ang bawat tamang parirala.

    ______ isang lugar kung saan sinasamba ang Diyos.

    ______ isang lugar kung saan may awitan at pagpupuri sa Diyos.

    ______ isang lugar kung saan lalo pa tayong matuto tungkol sa Diyos.

    ______ isang lugar kung saan tayo makikipag-away.

2. **Kumpletuhin ang talata sa Biblia: Hebreo10:25**

    "Huwag ______________________sa ating mga ______________________ya ng ginawa ng ilan…"

3. **Bilugan ang tamang sagot.**

    Kahit saang simbahan na lang ba dapat akong pumunta?

    Oo Hindi

    Palagian ba dapat akong magsimba?

    Oo Hindi

    Dapat ba akong mag-anyaya sa iba na pumunta sa simbahan?

    Oo Hindi

4. **Saan ang magandang lugar na makakakilala at magkakaroon ka ng bagong kaibigan?**

    ________________________________________

5. **Ilista ang 8 bagay na maaaring mangyari sa iglesya.**

    ____________________ ____________________

    ____________________ ____________________

    ____________________ ____________________

    ____________________ ____________________



6. Sabihin ang 2 bagay na dapat mong dalhin sa simbahan.

____________________ ____________________

7. Ano ang pakiramdam mo pagkatapos mong magsimba?

__________________________________________

8. Ano ang pangalan ng simbahang pinupuntahan mo?

__________________________________________

9. Ano ang pangalan ng pastor mo?

__________________________________________

10. Anu-anong gawain ang nagaganap sa inyong simbahan?

__________________

__________________

__________________



Makakatulong ako sa simbahan sa pamamagitan ng:



Papapanatiling ________________ ito.

Pagkukuwento sa iba ng tungko1 ________________.

Pag-anyaya sa iba na ________________.



Pag-aralan at sauluhin ang mga talata sa Biblia:

“Ang pananampalataya ay bunga ng pakikinig." Roma 10:17

“Pagsumakitan ninyo nang higit sa lahat ang pagharian kayo ng Diyos at mamuhay nang ayon sa kanyang kalooban, at ipagkakaloob niya ang lahat ng kailangan ninyo.” Mateo 6:33





**Aralin 6**
## PAGSASABI SA IBA TUNGKOL KAY JESUS

Ngayong anak ka na ng Diyos, gusto mong ikuwento sa iba ang tungkol kay Jesus. Maaari kang maging saksi: isang taong nagsasabi sa iba tungkol sa ginawa sa kanya ng Diyos.

Sa Marcos, kabanata 5, talatang 19, sinabi ni Jesus, "Umuwi ka at sabihin mo sa iyong mga kasambahay ang lahat ng ginawa sa iyo ng Panginoon, at kung paanong nahabag siya sa iyo." Lahat tayo'y may kaibigan, kapitbahay at kamag-anak na hindi kumikilala kay Jesus bilang Tagapagligtas. Ikuwento mo sa kanila ang ginawa sa iyo ni Jesus.

Narito ang ilang bagay na dapat mong matiyak bago ka magsabi sa iba tungkol kay Jesus:

1. Tiyakin na Cristiano ka na. (Juan 5:24)
2. Manalig na mahal ng Diyos ang bawat tao. (Juan 3:16)
3. Maniwala na nagkasala ang lahat. (Roma 3:23)
4. Maniwala na dapat aminin ng bawat tao kay Jesus ang kanyang mga kasalanan. (I Juan 1:9)
5. Manalig na nangako ang Diyos ng walang hanggang buhay sa bawat mananalig. (Roma 6:23)
6. Manalig na handa si Jesus na tanggapin ang bawat taong

mag-aanyaya sa kanya. (Mateo 21:22)

Kapag ang iyong kaibigan o kamag-anak ay nagpahayag ng kanyang mga kasalanan kay Jesus at humingi ng tawad, tulad mo siya'y magiging miyembro rin ng pamilya ng Diyos. Tandaan, si Jesus ay namatay para sa bawat tao sa buong mundo.

*Sabihin sa mga bagong kaibigang Cristiano ang kahalagahan ng:*

1. Pagbabasa ng kanilang Biblia araw-araw.
2. Pakikipag-usap sa Diyos araw-araw.
3. Palagiang pagdalo sa Sunday school at sa simbahan.
4. Pagkukuwento sa iba tungkol kay Jesus.
5. Pamumuhay bilang Cristiano na napapansin ng iba.

Maraming paraan ng pagsasabi sa iba tungkol kay Jesus. Narito ang ilang paraan. Subukan mong gawin ito.

*SABIHAN ANG IBA SA PAMAMAGITAN NG:*

1. Paggamit ng iyong tinig. Sabihin mo ang ginawa sa iyo ni Jesus.
2. Pamimigay ng babasahin na nagkukuwento tungkol



kay Jesus.
3. Pamumuhay bilang Cristiano.
4. Pag-aanyaya na samahan ka nila sa simbahan.
5. Paggawa ng sulat o kard para ibigay sa kanila.

Gusto ni Jesus na sabihin mo sa iba ang tungkol sa Kanya. Maaasahan ka ba Niya na maging saksi para sa Kanya?
(isulat ang iyong pangalan)

Oo, maaasahan ni Jesus si ______________________ na maging saksi para sa Kanya.

ANO ANG NATUTUHAN MO SA IYONG PAGBABASA?

1. **Anong talata sa Biblia ang nagsasabing dapat tayong magsabi sa iba tungkol sa ginawa ni Jesus sa atin?**

   ____________________________________________

2. **Sagutin ng "OO" o "HINDI" ang bawat tanong.**

   A. Nagkasala ang lahat. _________

   B. Mga Cristiano lamang ang mahal ng Diyos. _________

   K. Dapat aminin ng bawat tao ang kanyang mga kasalanan. _________

   D. Laging handang magpatawad si Jesus sa atin. _________

3. **Ano ang sasabihin mo sa bagong Cristiano na dapat niyang gawin? Markahan ng tsek (✓) ang bawat tamang pangungusap.**

   ______ Kung Linggo lamang manalangin.

   ______ Magbasa ng Biblia araw-araw.

   ______ Kung Linggo lamang pumunta sa simbahan.

   ______ Magkuwento sa iba tungkol kay Jesus.

   ______ Mamuhay bilang Cristiano na napapansin ng iba.

4. **Maglista ng 2 paraan na masasabi mo sa iba ang tungkol kay Jesus**

   ____________________________________________

   ____________________________________________

5. **Bakit natin sasabihan ang iba tungkol kay Jesus?**

______________________________________

______________________________________

6. Maglista ng 3 taong kakausapin mo tungkol kay Jesus.

____________________

____________________

____________________

7. Maglista ng 3 bagay na dapat mong matiyak bago ka magkuwento sa iba tungkol kay Jesus.

Tiyakin na ______________

Manalig na ______________

Maniwala na ______________

8. Ilista ang mga reperensiya ng mga talata sa Biblia (aklat, kabanata, talata) na makakatulong sa iyo sa pagsasabi sa iba tungkol kay Jesus.





____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

9. Balik-aralan ang mga talata sa Biblia na napag-aralan at naisaulo mo na.

10. Sauluhin ang talatang ito mula sa Biblia:

"Sumagot si Jesus, 'Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko.'" Juan 14:6

Narito ang listahan ng mahahalagang talata sa Biblia na ginamit sa mga araling ito. Mainam na pag-aralan at isaulo ito.

Lucas 2:52

Mateo 24:35

Juan 3:36

1 Juan 1:9

Marcos 11:24



Mateo 6:9

Living the Christian Life–Tagalog
Foursquare Missions Press © 2003